

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka 20

## Mga Salitang may Kambal-katinig

Ang salita ay may kambal-katinig kung ito ay may dalawang magkasunod na katinig sa isang pantig. Halimbawa, ang kambal-katinig sa salitang **pluma** (plu-ma) ay ang **pl** dahil ito ay nasa unang pantig na **plu**. Ang salitang **petsa** ay walang kambal-katinig dahil ang **ts** ay hindi magkasama sa isang pantig. Kung pantigin natin ang salitang **petsa**, ito ay pet-sa.

---

*Panuto:* Salungguhitan ang lahat ng mga salitang may kambal-katinig sa bawat pangungusap. Tandaan na dapat ang kambal-katinig ay nasa isang pantig.

1. May drama sa klase natin mamaya.
2. Naiwan ko ang tsinelas ko sa parke.
3. Ginamit ni Nanay ang plantsa kahapon.
4. Gamitin mo ang tuwalya para sa iyong braso.
5. Si Mang Nonoy ang drayber ng berdeng dyip.
6. Hanapin mo ang Tsina sa globo at sa libro na ito.
7. Bagay ba ang kuwintas na ito sa blusa ko na puti?
8. Ang mga bulaklak sa plorera ay nagbibigay ng sigla.
9. Ang dyanitor ay nagbabasa ng dyaryo sa silid-aklatan.
10. Ibukas mo ang gripo para mapuno ng tubig ang balde.
11. Inaayos ng drayber ang preno ng trak at gulong ng kotse.
12. Walang problema ang paghahanap ng trabaho sa probinsiya.
13. Masarap ang prutas sa plato at malamig ang inumin sa pitsel.
14. Namamasayal sa hardin ng palasyo ang reyna at ang pinakabatang prinsesa.
15. Sa Disyembre ipinagdiriwang ang Pasko at anibersaryo ng mga magulang ko.

Talâ: katinig - *consonant*, kambal-katinig - *consonant blend*, pantig - *syllable*, pantingin - *syllabicate*